

# Batas na CARE (CARE Act)

## Batas sa Pagtulong, Pagbangon ng, at Pagpapalakas sa Komunidad (Community Assistance, Recovery, and Empowerment Act)

**Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado**

Ang **CARE Act** ay nag-aawtorisa sa mga partikular na nasa hustong gulang na magpetisyon sa hukumang sibil na lumikha ng boluntaryong kasunduan sa CARE o isang plano sa CARE na ipinag-utos ng hukuman na maaaring may kasamang paggamot, mga mapagkukunan sa tirahan, at iba pang serbisyo para sa mga taong mayroong hindi nagagamot na schizophrenia at iba pang saykotikong karamdaman.

## Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado

- 18 taong gulang pataas na na-diagnose na nasa Spectrum ng Schizophrenia o Iba pang Karamdamang Saykotiko,
- Ang tao ay may mga sintomas na malubha ang antas at tuloy-tuloy ang tagal, na maaaring magdulot ng pag-uugali na nakakasagabal nang husto sa mga pangunahing aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay (hal., mga pangunahing aktibidad na nauugnay sa personal na pangangalaga), at na maaaring magresulta sa kawalang kakayahan na magpanatili ng tuloy-tuloy na pag-adjust at independiyenteng pagkilos nang walang paggamot, suporta, at rehabilitasyon nang matagal o sa loob ng hindi tiyak na panahon,
- Ang tao ay hindi stabilized sa kasalukuyang boluntaryong paggamot ng isang outpatient,
- Ang tao ay hindi malamang na mabuhay nang ligtas/kayang mag-isa sa komunidad (tulad ng pagpapanatili ng personal na kaligtasan, kalinisan, diet, kalusugan, at/o kinakailangang mga relasyon nang walang pagbabantay) at ang kondisyon ay lumulubha **O** kinakailangan ang mga serbisyo at suporta para maiwasan ang muling pagbabalik ng dating karamdaman o paglubha,
- Ang pakikilahok sa CARE Act ay ang pinakahindi naghihigpit na alternatibo, **AT**
- Ang tao ay malamang na magbebenepisyo mula sa pakikilahok sa isang plano o kasunduan sa CARE.

## Mga Diagnosis na Kwalipikado sa CARE

**Kabilang sa mga sakit na nasa spectrum ng Schizophrenia ang:** Schizophrenia, Schizoaffective Disorder, Schizophreniform Disorder, Iba Pang Natukoy na Spectrum ng Schizophrenia at Iba Pang Karamdamang Saykotiko, Hindi Natukoy na Spectrum ng Schizophrenia at Iba Pang Karamdamang Saykotiko.

**Kabilang sa iba pang karamdamang saykotiko ang:**

Maikling Karamdamang Saykotiko, Karamdaman na Nagiging Hibang (Delusional Disorder), Schizotypal Personality Disorder, Karamdamang Saykotiko na Dulot ng Alak/Droga o Gamot, Catatonia Na Nauugnay sa Iba Pang Pangkaisipang Karamdaman, Hindi Natukoy na Catatonia.

**Ang mga diagnosis na pang-saykayatriko na hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ay ang:***

- Saykotikong Karamdaman Dahil sa Isang Pangkalahatang Kondisyong Medikal
- Catatonia na Nauugnay sa Isa Pang Kondisyong Medikal
- Matinding Depresyon na may mga Katangiang Saykotiko
- Bipolar Disorder na may mga Katangiang Saykotiko
- Anumang iba pang Karamdaman na may Kaugnayan sa Alak o Droga na hindi nakalista sa itaas

** Maliban Kung May Kasamang Iba Pang Diagnosis na Nakalista sa Itaas*

JUDICIAL COUNCIL of CALIFORNIA EUREKA 1926

Rev. 04/24/23

# Ano ang mga Karamdamang Schizophrenia at Nauugnay na Karamdaman?

## Schizophrenia:

Ang schizophrenia ay isang karamdaman sa pag-iisip na dina-diagnose ng isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan batay sa pamantayan na nakasaad sa Diagnostic and Statistical Manual (DSM-5TR)© - at na mailalarawang may malubha at patuloy na mga sintomas sa mga sumusunod na larangan:

- Mga Kahibangan (Delusion)
- Mga Guni-Guni (Hallucination)
- Magulong pag-iisip
- Sobrang magulo o hindi normal na mga paggalaw o pagkilos
- Mga negatibong sintomas - gaya ng wala masyadong pakiramdam na negatibo man o positibo, walang pakialam, hindi maayos ang kakayahang humusga, hirap na makakumpleto ng mga pangunahing gawain, o ayaw makisalamuha sa ibang tao.

Upang matugunan ang mga pamantayan para sa schizophrenia, ang mga sintomas ay dapat nauugnay sa hindi paggana sa lipunan o trabaho, hindi bababa sa 6 na buwan ang tagal, at hindi maaaring dulot ng iba pang karamdaman sa pag-iisip o pisikal.

## Mga Nauugnay na Karamdaman:

Ang iba pang mga Karamdaman na nasa Spectrum ng Schizophrenia ay may katulad na ilang katangian sa schizophrenia ngunit maaaring hindi natutugunan ang lahat ng pamantayan para sa diagnosis na iyon o mas mailalarawan nang mas mabuti ng ibang karamdaman.

# Mga Mapagkukunang Nagbibigay-Impormasyon

Website ng CARE Act ng Panghukumang Konseho ng California
CARE Act Fact Sheet (Marso 2023)
Glossary ng mga Terminong Nauugnay sa CARE Act

# Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado sa Care Act

## Welfare Institutions Code § 5972

Ang indibidwal ay magkakwalipika lang para sa proseso ng CARE kung totoo ang lahat ng sumusunod:

(a) Siya ay 18 taong gulang pataas.

(b) Siya ay kasalukuyang nakakaranas ng malubhang sakit sa pag-iisip, gaya ng tinukoy sa talata (2) ng subdivision (b) ng Seksyon 5600.3 at may diagnosis na natukoy sa klase ng karamdaman: spectrum ng schizophrenia at iba pang karamdamang saykotiko, gaya ng natukoy sa pinakakasalukuyang bersyon ng Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders. Hindi itinataguyod ng seksyong ito ang pagiging kwalipikado ng respondent batay sa isang karamdamang saykotiko na dahil sa isang kondisyong medikal o hindi pangunahing saykayatriko ang katangian, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kondisyon sa pisikal na kalusugan tulad ng kapansanan sa utak na nagdulot ng trauma, autismo, dementia, o mga kondisyon sa utak. Ang isang taong may kasalukuyang diagnosis na problema sa paggamit ng droga o alak gaya ng tinukoy sa talata (2) ng subdivision (a) ng Seksyon 1374.72 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, ngunit hindi natutugunan ang kinakailangang pamantayan sa seksyong ito ay hindi magkakwalipika para sa proseso ng CARE.

(c) Siya ay hindi clinically stabilized sa kasalukuyang boluntaryong paggamot.

(d) Totoo ang kahit isa sa mga sumusunod:

(1) Siya ay hindi malamang na mabubuhay nang ligtas sa komunidad nang walang pagbabantay at ang kondisyon niya ay malaki ang inilubha.

(2) Siya ay nangangailangan ng mga serbisyo at suporta upang maiwasan ang muling pagbalik ng dating karamdaman o paglubha na malamang na magreresulta sa matinding kapansanan o malubhang pinsala sa sarili o sa iba, gaya ng tinukoy sa Seksyon 5150.

(e) Ang pakikilahok sa plano o kasunduan sa CARE ang pinakahindi naghihigpit na alternatibong kinakailangan upang matiyak ang paggaling at pagiging stable niya.

(f) Malamang na makikinabang siya mula sa pakikilahok sa plano o kasunduan sa CARE.

*Ang ilang piling hyperlink ay maaaring nasa wikang Ingles lamang